# ANO ANG ISLAM? (BAHAGI 4 NG 4): ISLAMIKONG PAGSAMBA

**Marka:** Image not found or type unknown

**Paglalarawan?:** Isang pagtanaw sa ilan sa mga mahahalagang kasanayan sa Islam, kabilang ang maikling pagpapaliwanag kung sino ang mga Muslim.

**Kategorya:** Mga Artikulo Mga Paniniwala ng Islam Ano ang Islam

**Ni:** IslamReligion.com

**Nailathala noong:** 24 Aug 2020
**Huling binago noong:** 18 Mar 2014

Mayroong limang payak ngunit mahahalagang mga pagtupad na ang lahat ng mga nagsasanay na Muslim ay tinatanggap at sinusunod. Ang mga "Haligi ng Islam" ay kumakatawan sa diwa na pinag-iisa ang lahat ng mga Muslim.

## 1) Ang ‘Pagpapahayag ng Pananampalataya’

Ang Muslim ay ang siyang nagpapatotoo na "walang nararapat sa pagsamba maliban kay Allah, at si Muhammad (nawa'y ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay sumakanya) ay ang sugo ni Allah." Ang pagpapahayag na ito ay kilala bilang *"shahada"* (saksi, pagpapatotoo). Ang Allah ay ang Arabeng pangalan para sa Diyos, tulad ng Yahweh na pangalang Hebreo para sa Diyos. Sa pamamagitan ng pagbigkas ng payak na pagpapahayag na ito siya ay nagiging isang Muslim. Ang pagpapahayag ay nagpapatunay ng ganap na paniniwala ng Islam sa kaisahan ng Diyos, ang Kanyang eksklusibong karapatan na sambahin, pati na rin ang doktrina na ang pag-uugnay ng anupaman sa Diyos ay isang hindi mapapatawad na kasalanan tulad ng mababasa natin sa Quran:

> ***“Ang Diyos ay hindi nagpapatawad sa sinumang nagtatambal sa Kanya, datapuwa't Siya ay magpapatawad sa sinumang Kanyang nais sa mas mababa kaysa riyan (ang nagawang kasalanan). Sinuman ang magtambal ng iba sa Diyos, ay nakagawa ng isang napakalaking kasalanan.” (Quran 4:48)***

Ang pangalawang bahagi ng pagpapatotoo ng pananampalataya ay nagsasabi na si Muhammad, nawa'y ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay sumakanya, ay isang propeta ng Diyos tulad nina Abraham, Moises at Hesus na mga nauna sa kanya. Si Muhammad (nawa'y ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay sumakanya) ay nagdala ng pinakahuli at pangwakas na kapahayagan. Sa pagtanggap kay Muhammad (nawa'y ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay sumakanya) bilang "sagka ng mga propeta o panghuli," ang mga Muslim ay naniniwala na ang kanyang propesiya ay nagpapatunay at tinutupad ang lahat ng ipinahayag na mga mensahe, na nagsimula pa kay Adan. Bilang karagdagan, si Muhammad (nawa'y ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay

sumakanya) ay nagsisilbing ulirang pamantayan sa pamamagitan ng kanyang huwarang buhay. Ang pagsisikap ng isang mananampalataya na sundin ang halimbawa ni Muhammad (nawa'y ang awa at mga pagpapala ng Diyos ay sumakanya) ay inilalarawan ang diin ng Islam sa paggawa at pagkilos.

## 2) Ang Pagdarasal (*Salah*)

Ang mga Muslim ay nagdarasal ng limang beses sa isang araw: sa bukang-liwayway, tanghali, kalagitnaan ng hapon, takip-silim, at gabi. Ito ay nagbabalik sa espirituwal na pagtuon, muling pinagtitibay ang ganap na pag-asa sa Diyos, at inilalagay ang mga makamundong pag-aalala sa loob ng pananaw sa huling paghuhukom at sa buhay pagkatapos ng kamatayan. Ang mga pagdarasal ay binubuo ng pagtayo, pagyukod, pagluhod, paglalapat ng noo sa lapag, at pag-upo. Ang pagdarasal ay isang paraan kung saan ang ugnayan sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang nilikha ay napapanatili. Kabilang dito ang mga pagbabasa mula sa Quran, papuri sa Diyos, mga dalangin para sa kapatawaran at iba pang mga magkakaibang pagsusumamo. Ang pagdarasal ay isang pagpapahayag ng pagsuko, pagpapakumbaba, at pagsamba sa Diyos. Ang mga pagdarasal ay maaaring ihandog sa anumang malinis na lugar, nag-iisa o magkakasama, sa isang moske o sa bahay, sa trabaho o sa kalsada, sa loob ng bahay o sa labas. Mas mainam na magdasal kasama ang iba bilang kumakatawan sa pagkakaisa sa pagsamba sa Diyos, na nagpapakita ng disiplina, kapatiran, pagkakapantay-pantay, at pagkakaisa. Habang nagdarasal, ang mga Muslim ay nakaharap sa Makkah, ang banal na lungsod na nakasentro sa paligid ng Ka'bah - ang bahay ng Diyos na itinayo ni Abraham at ng kanyang anak na si Ismael.

## 3) Ang Sapilitang Kawanggawa (*Zakah)*

Sa Islam, ang tunay na nagmamay-ari ng lahat ay ang Diyos, hindi tao. Ang mga tao ay pinagkalooban ng kayamanan bilang tiwala mula sa Diyos. Ang *Zakah* ay pagsamba at pagpapasalamat sa Diyos sa pamamagitan ng pagtulong sa mahihirap, at sa pamamagitan nito ang kanyang kayamanan ay dinadalisay. Nangangailangan ito ng taunang pag-aambag ng 2.5 na porsiyento ng yaman at pag-aari ng isang indibidwal. Samakatuwid, ang *Zakah* ay hindi lamang basta "kawanggawa", ito ay isang obligasyon ng mga nakatanggap ng kanilang kayamanan mula sa Diyos upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga hindi gaanong pinalad na kasapi ng pamayanan. Ang *Zakah* ay ginagamit upang tulungan ang mahihirap at nangangailangan, tulungan ang mga may pagkaka-utang, at, sa mga sinaunang panahon, upang palayain ang mga alipin.

## 4) Ang Pag-aayuno sa Ramadan (*Sawm*)

Ang Ramadan ay ang ika-siyam na buwan sa Islamikiong lunar na kalendaryo na inilalaan sa pag-aayuno. Ang mga malulusog na Muslim ay umiiwas mula bukang-liwayway hanggang sa takip-silim sa pagkain, inumin, at sekswal na pakikipagtalik. Ang pag-aayuno ay bumubuo ng espirituwalidad, pag-asa sa Diyos, at nagdudulot ng pagkilala sa hindi gaanong pinalad. Isang natatanging pagdarasal sa gabi ay ginaganap

din sa mga moske kung saan ang mga pagbasa ng Quran ay maririnig. Ang mga pamilya ay bumabangon bago ang bukang-liwayway upang kumain ng kanilang unang pagkain sa araw na yaon upang mapanatili sila hanggang sa takip-silim. Ang buwan ng Ramadan ay nagtatapos sa isa sa dalawang pangunahing Islamikong pagdiriwang, ang Kapistahan ng Pagtatapos ng Pag-aayuno, na tinawag na Eid al-Fitr, na makikitaan ng kasiyahan, pagdalaw sa pamilya, at pagpapalitan ng mga regalo.

## 5) Ang ika-limang Haligi ay ang Paglalakbay o Hajj sa Makkah

Kahit papaano isang beses sa tanang buhay, ang bawat nasa tamang gulang na Muslim na may pisikal at pinansyal na kakayahan ay kinakailangang isakripisyo ang oras, kayamanan, katayuan, at karaniwang kaginhawahan ng buhay upang magsagawa ng Hajj na paglalakbay, na inilalagay ang kanyang sarili sa paglilingkod sa Diyos. Bawat taon mahigit sa dalawang milyong mananampalataya mula sa iba't ibang kultura at wika ang naglalakbay mula sa buong mundo patungo sa sagradong lungsod ng Makkah[1] upang tumugon sa panawagan ng Diyos.

## Sino ang mga Muslim?

Ang Arabeng salitang "Muslim" ay literal na nangangahulugang "sinumang nasa kalagayan ng Islam (pagsuko sa kalooban at batas ng Diyos)". Ang mensahe ng Islam ay sinadya para sa buong mundo, at ang sinumang tumanggap ng mensaheng ito ay nagiging isang Muslim. Mayroong mahigit sa isang bilyong Muslim sa buong mundo. Ang mga Muslim ay kumakatawan sa karamihan ng populasyon sa limampu't anim na bansa. Maraming mga tao ang namamanghang malaman na ang karamihan sa mga Muslim ay hindi Arabo. Kahit na ang karamihan sa mga Arabo ay Muslim, mayroong mga Arabo na mga Kristiyano, Hudyo at Ateyista. 20 porsiyento lamang ng 1.2 bilyong Muslim ang nagmula sa mga bansang Arabya. Mayroong kapansin-pansing mga populasyon ng Muslim sa India, Tsina, Gitnang Asyanong Republika, Rusya, Europa, at Amerika. Kung ang isa ay titingin lamang sa iba't ibang mga tao na namumuhay sa Mundo ng Muslim - mula sa Nigeria hanggang sa Bosnia at mula sa Morocco hanggang Indonesia - madaling makikita na ang mga Muslim ay nagmula sa lahat ng iba't ibang lahi, pangkat etniko, kultura at mga nasyonalidad. Noon paman ang Islam na ang pangkalahatang mensahe para sa lahat ng mga tao. Ang Islam ay ang pangalawang pinakamalaking relihiyon sa mundo at sa kalaunan ay magiging pangalawang pinakamalaking relihiyon sa Amerika. Gayunpaman, kakaunting mga tao ang nakakaalam kung ano ang Islam.

---

Talababa:

[1] Ang lungsod ng Makkah ay matatagpuan sa Saudi Arabia.

Ang web address ng artikulong ito:

https://www.islamreligion.com/tl/articles/3/ano-ang-islam-bahagi-4-ng-4

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2023 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.